

Halika at Samahan Kami para sa Virtual na Workshop!



Pagpapalawak sa Hinaharap ng Pepper Park sa National City

Humihingi ang Port of San Diego ng input mula sa publiko para sa pagpapalawak sa hinaharap ng Pepper Park sa National City Bayfront. Ang outreach ay ang pinakabagong pagsusumikap ng Port na nakatuon sa pagtataguyod ng marangyang pananaw para sa Pepper Park. Ang virtual na Workshop ng Komunidad ay isasagawa sa pamamagitan ng Zoom sa **Huwebes, Mayo 6 ng 6 p.m.** at magsasaliksik ng mga elemento ng disenyo para sa umiiral na parke at 2.5-acre na pagpapalawak sa hinaharap. Sasaliksikin ng pangkat ang mga tampok at oportunidad sa libangan na tutulong para gawin ang Pepper Park na dulugan na ikalulugod ng mga bisita at residente sa mga darating na taon. Ang virtual na workshop ay ang oportunidad mo para magbahagi ng pagpuna sa mga potensiyal na tampok ng parke na nais mong makita at kasama ang isang interaktibong aktibidad para talakayin ang mga nakasasabik na ideya ng parke.

[Mayo 6 na Workshop ng Komunidad – Mag-click Dito para Magrehistro](#)

Ang sumusunod na impormasyon ay nagbibigay ng pundasyon para sa workshop at nilalayong tulungan kang simulang isipin ang tungkol sa mga tampok at oportunidad na nais mong makita sa Pepper Park sa hinaharap. Pakitandaan, ang workshop wy may kasama ring buod ng sumusunod na impormasyon, kaya kung wala kang oras para repasuhin ang impormasyong ito, maaari ka pa ring maging aktibong kalahok!

Tungkol Dito

Noong Enero 2016, ang Port at Lungsod ng National City ay nagsagawa ng pampublikong disenyong mga charrette para talakayin ang muling pagbalanse ng paggamit ng lupa na nagresulta sa “win-win-win” na senaryo para sa maritime, komersiyal at pampublikong paggamit na malapit sa Pepper Park at sa Pier 32 Marina – ang nagresultang paggamit ng lupang muling kumpigurasyon ay tinutukoy na “Balanseng Plano.” Pinag-iisipan ng Balanseng Plano ang muling kumpigurasyon ng maritime, komersiyal, at paggamit ng parke, kasama ang tinatayang 2.5-acre na expansion sa (at posibleng muling kumpigurasyon ng) umiiral na 5.2-acre Pepper Park, para sa kabuuan sa hinaharap na tinatayang 7.7 acres.

Ang expansion ng parke (at potensiyal na muling kumpigurasyon) ay hindi dinesenyo, pero ang pagrepaso sa kapaligiran ay isinasagawa para sa panukalang pagbabago ng paggamit ng lupa at expansion ng Pepper Park, batay sa preliminaryong konsepto ng parke na ipinakita sa 2016 na mga charrette ng disenyo. Kasama sa preliminaryong mga konsepto ng parke na ito ang:

- Rekonpigurasyon ng umiiral na layout ng parke, na maaaring kasama ang pagkahalo ng hardscape (hal., mga nakasementong plaza, istraktura ng lilim) at bagong landscaping (hal., mga naka-landscape na berm, bukas na lawn).
- Isang maliit na amphitheater (hal., gazebo, kiosco).
- Isang interaktibong fountain/splashground.
- Posibleng relokasyon ng Granger Hall sa Pepper Park na gagamitin sa espasyo sa espesyal na kaganapan.
- Walang mga rebisyon ang panukala sa pasilidad ng rampa sa paglunsad ng bapor.



Virtual Workshop

Expansion sa Hinaharap ng Pepper Park sa National City

Talakayan sa Workshop – Potensiyal na Mga Tampok ng Parke at Mga Oportunidad sa Libangan

Sa workshop, gagalugarin natin ang mga potensiyal na tampok ng parke at mga oportunidad sa libangan sa pagbabalangkas sa mga talakayan natin sa mga sumusunod na paksa: mga pagpapabuti sa aktibong kahusayan ng kalagayan (“Mga bagay na malalaro o magagamit sa ehersisyo sa parke”); pasibong karanasan sa tubig (“Isang lugar para maranasan ang tubig”); kaganapang sumusuporta sa mga pagpapabuti (“Mga bagay na gagawin sa parke”); mga pang-edukasyong pagpapabuti (“Matuto mula sa kasaysayan at kapaligiran”); at pagbuti ng access (“Ang paglalakbay papunta sa at mula sa parke”).




Mga Bagay na Isasaalang-alang para sa Pepper Park sa Hinaharap

Pamublikong Tiwalang Doktrina

Ang Pepper Park ay nasa lupa ng Port of San Diego. Inaatas ang mga paggamit sa mga lugar ng lupa at tubig ng Port of San Diego na maging alinsunod sa [Pamublikong Tiwalang Doktrina](#). Sa ilalim ng Pamublikong Tiwalang Doktrina, ang anumang paggamit ng parke ay dapat may relasyon sa tubig at magsilbing benepisyo sa buong estado o rehiyon. Habang naghahanda ka sa workshop, mangyaring tandaan na ang anumang mga tampok ng parke sa hinaharap at oportunidad sa libangan ay kailangang alinsunod sa Pamublikong Tiwalang Doktrina.

Mga Lugar ng Konsiderasyon

Pinapakita ng sumusunod na graphic kung aling mga bahagi ng parke ang pinag-iisipan para sa mga bagong tampok at oportunidad. Bilang karagdagan, may mga lugar na pinapanukalang manatili, kasama ang aquatikong sentro, ang mga banyo, ang rampa sa paglunsad ng bapor, at lugar para sa picnic na ang mga puno ay lubos nang lumaki.



Umaasa kami sa partisipasyon mo sa Mayo 6 na workshop!

Para sa higit pang impormasyon, mangyaring kontakin si Anna Buzaitis, tagapamahala ng programa ng Planning Department sa **619.686.7263** o abuzaiti@portofsandiego.org.